

# Bakuna laban sa coronavirus

## – COVID-19 Vaccine AstraZeneca (AstraZeneca)

---

### Impormasyon sa mga nahandugan ng bakunang ito

Ang novel coronavirus ay nagdudulot ng respiratory tract infection. Maraming tao ang nakakaranas ng alinman sa banayad o walang sintomas, pero ang ilan ay maaaring magkaroon ng malalang sakit. Ang matatanda, at ang mga mayroon nang ilang partikular na sakit mula dati ay nasa mas malaking peligro ng kurso ng malalang sakit o pagkamatay. Ang layunin ng bakunang coronavirus ay para protektahan ng buhay at kalusugan.

### Sino ang dapat magkaroon ng bakunang coronavirus na ito?

Ang mga taong nirerekomendang makatanggap ng bakunang ito sa pamamagitan ng pambansang programa ng imunisasyon ay hahandugan ng bakunang ito kapag sila na ang nasa priyoridad na pila.

Ang bakuna ay libre at boluntaryo. Ihahandog ito sa mga taong nakatira sa Norway.

### Paano ko makukuha ang bakuna?

Tingnan ang website ng inyong munisipalidad para sa impormasyon tungkol sa kung sino ang hinahandugan ng bakuna, paano inaayos ang bakuna at kailan ito magaganap.

### Paano ibibigay ang bakunang ito?

Iiniksiyon ang bakuna sa itaas na braso. Makakatanggap ka ng dalawang dosis ng bakuna ng 9-12 linggo ang pagitan. Mahalagang kunin mo ang pangalawang dosis sa nakatakandang oras. Bago mo matanggap ang bakuna, tatanungin ka kung mabuti ang pakiramdam mo at kung nagkaroon ka ng anumang reaksiyon sa mga ibang bakuna na nagkaroon ka. Tandaang sabihin kung may anumang allergy ka, ikaw ay buntis, gumagamit ng mga gamot o may mga ibang problema sa kalusugan. Karaniwang iantala sa pagbabakuna kung may malalang sakit at lagnat na mas mataas sa 38 °C. Matapos kang magpabakuna, pahihintayin ka ng 20 minuto.

### Paano gagana ang bakunang ito?

Gumamgamit ang bakuna ng hindi nakakasakit na virus (virus ng sipon) na tumutulong na dalhin ang recipe para sa mga spike sa coronavirus papunta sa katawan. Gagawa ang katawan ng mga kopya ng mga spike na ito na maaaring pagsanayan ng immune system. Sa ganitong paraan, matututo ang immune system na makilala ang mga coronavirus spike at madedepensahan ang katawan kung maimpeksiyon ito ng virus.

Ang magdadalang virus ay hindi dadami sa katawan at mabilis na madudurog. Hindi magdudulot ang bakuna ng coronavirus na sakit o anumang ibang nakakahawang sakit. Kumikilos ang coronavirus na bakuna para mapigilan ang sakit. Hindi nito magagamot ang nagaganap na sakit.

Ang paraang ito ng paggawa ng mga bakuna ay ginagamit na sa mga Ebola na bakuna.

### Gaano kabuti gagana ang bakunang ito?

Nagbibigay ng proteksiyon ang bakuna laban sa sakit na dulot ng bagong coronavirus. Dalawang linggo makalipas ang pangalawang dosis, ang average ng 60 % ng mga

nabakunahan sa mga pag-aaral ay naprotektahan laban sa sakit na COVID-19. Subalit, ang proteksiyon ay tilang mas mataas kung ang pagitan ng dalawang dosis ay 9 na linggo o higit pa. Tinukoy ng mga pag-aaral na nagbibigay din ang bakuna ng proteksiyon laban sa malalang sakit na COVID-19 na nagngangailangan ng paggamot sa ospital. Hindi pa namin alam kung gaano katagal magtatagal ang proteksiyon. Kung mabawasan ang proteksiyon sa paglipas ng panahon, maaaring kailanganin ang mga booster na dosis. Dahil pinipigilan ng bakuna ang sakit, pipigilan din nito ang paghahawa, pero hindi pa namin alam kung hanggang saan. Samakatuwid, mahalagang ipagpatuloy ang kasalukuyang payo sa pagkontrol ng impeksiyon.

### **Mga side effect**

Mula sa mga pag-aaral na isinagawa, may mabuti kamgin kaalaman tungkol sa mga karaniwan at mas hindi karaniwang side effect sa mga nabakunahan. Hindi namin maisasantabi ang mga bihirang side effect, o mga side effect na lalabas lang nang matagal na panahon makalipas ang pagbabakuna. Karamihan ng mga side effect ay naganap sa unang ilang araw makalipas ang pagbabakuna, at nakadaan malakipang ilang araw:

- Mahigit sa kalahati ng mga nabakunahan ay nakaranas ng kirot sa lugar na ininiksiyonan.
- Ang mga ibang karaniwang side effect ay ang hindi mabuting pakiramdam, kapaguran, masakit na ulo, kirot sa kalamnan at kasu-kasuan, pangangatog, pagduruwal at lagnat.
- Ang mga side effect ay mas banayad at mas madalang makalipas ang dosis 2.

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga side effect ay banayad o katamtaman. Mas kaunti sa 5% ang nakaranas ng mas nakakaabalang side effect na hindi nakakapinsala pero nakaapekto sa pang-araw-araw nilang buhay ng ilang araw na nagtagal ito.

### **Paano kung magkaroon ako ng mga side effect?**

Kung makaranas ka ng hindi inaasahan, malala o matagal na sintomas na sa palagay mo ay maaaring dahil sa bakuna, kontakin ang iyong doktor o ibang healthcare worker para sa pagtatasa at payo. Ang mga healthcare worker ay may tungkuling iulat ang anumang malala o hindi inaasahang reaksiyon na pinaghihinalaan nila ay dahil sa bakuna. Maaari mo rin itong ipadala sa abiso mismo sa pamamagitan ng [helsenorge.no](https://helsenorge.no).

### **Pangkundisyong pag-apruba**

Ang bakunang coronavirus ay nasuri sa malalaking pag-aaral kung saan ang ilang libong tao ay nakatanggap ng bakuna. Isinagawa ang mga pag-aaral sa parehong paraan tulad ng mga ibang bakuna, pero ang oras ng obserbasyon ay mas maikli. Ang mga awtoridad sa pagreregula ng gamot ay nagbigay sa bakuna ng kundisyonal na pag-apruba. Nangangahulugan ito na may sapat na data para matasa na ang benepisyo ng bakuna ay mas higit sa peligro, pero na ang gumagawa ng bakuna ay dapat ipagpatuloy ang pag-aaral at patuloy na magbigay ng data sa mga awtoridad sa pagreregula ng gamot kapag naging available ang mga ito.

### **Anong bakuna ang natanggap ko?**

Kapag nabigyan ka ng bakunang coronavirus, irerehistro ito sa Norwegian Immunisation Registry, SYSVAK. Maa-access mo ang iyong impormasyon sa [helsenorge.no](https://helsenorge.no).

### **Gusto mo pa bang matuto pa?**

Pakitanong sa doktor mo o ibang healthcare worker o bumisita sa website ng Norwegian Institute of Public Health sa [fhi.no/cvp](https://fhi.no/cvp).